

# PROLOGUE

“Maintain your pace!” mariing utos ni Gabriel sa kanyang mga tauhan.

The men had to keep the pace of their march in order to reach their destination on time. Maingat na nasukat ni Gabriel ang rutang tinatahak nila. Maingat ding nailagay ang mga markang dapat sundan upang hindi maligaw. Sa kalkulasyon niya, mararating nila ang egress sa loob ng apatnapu’t limang minuto.

Captain Gabriel Esteves was leading a troop of *Marines* through a labyrinth of trees and moss in the jungles of Basilan. Ang kanilang destinasyon: ang itinalagang exit point kung saan sila susunduin ng dalawang *Huey* helicopters upang ilipad palabas ng gubat na iyon, pabalik sa kanilang base.

Tapos na ang misyon ng Bravo Company roon—ang i-inspect ang isang maliit na baryo na kailan lang ay nakatanggap ng bantang lulusubin ng mga Muslim extremists. Dinalaw nila ang baryo. Minanmanan niya ang kapaligiran at ilang linggo ring binantayan. Nang makasigurong maayos at ligtas na ang lahat, ini-report na niya sa kanyang commanding officer na maaari nang iwan ang lugar. Siyempre, hindi

rin naman siya masyadong nagpakasiguro. He still made recommendations that two platoons from other companies be assigned in turns to stay in the barrio to keep the townsfolk safe. It got approval, of course, including their orders to vacate the area and march back to base.

Halos tapos na ang tour of duty ni Gabriel sa Mindanao. Naka-schedule siyang mag-report sa headquarters sa Maynila in a week's time. May bago siyang assignment; sa *Philippine Marines Headquarters* mismo, bilang chief aid ng Commandant. Malaki man ang pagkakaiba niyon sa nakasanayang combat life, he was still looking forward to the change. Sa halos dalawang taong pagkakatalaga sa mga kagubatan ng Mindanao, naisip niyang siguro ay panahon na para ma-assign naman siya sa isang mapayapang lugar. Tila nagiging backward na ang takbo ng buhay niya—panaginip na lamang ang nasa kabihasnang at ang madilim na sukal sa Basilan ay ang siyang reyalidad.

Well, that was about it. Sa wakas, lilisanin na niya ang lugar na ito at haharapin ang isang kahit paano ay tahimik na buhay.

“Hang in there, men! Malapit na tayo,” aniya sa tropa. Ramdam ni Gabriel ang pagod ng mga tao. Pero bilang pinuno, kailangan niyang bigyan ang mga

ito ng lakas ng loob. Push their spirits, wika nga. Isa pa ay nararamdaman na rin niya ang nagsisimula nang bumagsak na ulan.

*Not now...* Iyon ang pinakahuling bagay na kailangan nila sa oras na iyon. Maaapektuhan niyon ang visibility nila at babagal sila. Isa pa, magiging vulnerable sila sa pag-atake ng sinumang kalabang nagtatago at nag-aabang saan man sa—

Naputol ang pagdaloy ng isip ni Gabriel at agad siyang napadapa sa lupa sa malakas na tunog ng pinaputok na baril. Isang malakas ding hiyaw ang sumunod. That tormented cry surely made his blood boil. The cry came from one of his men, whose right thigh had unfortunately caught the bullet.

Naging mabilis ang mga sumunod na pangyayari. Sunud-sunod na ang mga pagputok na dumating. Hindi na niya iyon ikinagulat. They were out in the open! Kailangan nilang magkubli!

Dagli siyang tumayo.

“Lieutenant!” tawag niya sa lider ng unang platoon na medyo malayo sa line of fire. “Run! Lead the men to the pick up point! Sundan ang trail marks! Call for the *Hueys*! Now!”

Hindi na kinailangan ng kapitan na hintaying

masunod ang kanyang utos. Agad niyang itinuon ang atensyon sa mga tao sa hulihan na direktang nasa linya ng putukan. Tumakbo siya patungo roon.

“Take cover! Into the woods!” Mabilis niyang naitayo ang sundalong sugatan at hinila papasok sa gubat.

“Battle positions!” utos niyang muli sa mga natitirang kawal. Pinauulanan na sila ng bala. Dehado sila sa kinalalagyan dahil nasa elevated position ang mga kalaban. But then again, they were not called the *Marines* for nothing. “Engage at will!”

As soon as the *Marines* had started firing back, it seemed that the status quo had changed to their side. Ngunit maling akala lang pala iyon.

“Captain!” hapo na sambit ng isang babaeng tinyenteng nakakubli sa isang puno malapit sa kanya. “We’re outnumbered, Sir! Masyado silang marami!” anito sa gitna ng pakikipagpalitan ng putok sa mga kalaban.

Karanasan ang nagsabi kay Captain Esteves na totoo ang sinabi ng tinyente. Marami-rami na rin siyang karanasan na siyang mga engkuwentro at napagtagumpayan niya ang mga iyon. Pero iba ang pagkakataong ito. Outnumbered sila at parang

wala nang kahihinatnan ang pakikipaglaban nila. Kailangan na lang nilang makaalis sa lugar na iyon sa lalong madaling panahon. At nasa kamay niya ang desisyong iyon.

“Fall back! Fall back!” sigaw niya sa kanyang mga tauhan, kasabay ng muling pagbitbit sa kabong duguan. Tumakbo ang tropa papasok sa gubat.

“Diyos ko...” bulong niya nang mapagtantong malayo na sila sa landas na tinatahak. “This isn’t happening...”

Inilapag niya ang karga-kargang kawal. Lumuhod siya sa tabi nito at ininspeksyon ang sugat nito sa hita.

Nakakakilabot ang sigaw ng batang kawal.

“Shh... easy, Corporal...” Iyon na lamang ang tanging nasabi ni Gabriel dito. Nakita niyang malalim ang natamong sugat ng katrabaho.

May luha sa mga mata ang lalaki nang tingnan siya nito. “Sir... ikakasal ako pag-uwi ko sa Pampanga—”

“Boy et!” putol niya sa sinasabi nito. Hindi iyon ang oras para isipin ang takot. “Makakalabas tayo dito. Pangako iyan.”

His words seemed to have calmed the young man down.

“Stay with him, Lizzie,” utos niya sa tinyenteng si 1Lt. Elizabeth Javier. Lumayo siya sa dalawa at inilibot ang paningin sa paligid.

“*Madre de Dios...*” bulong niya.

Tahimik na. The firing had died down. Mukhang wala na ring humahabol sa kanila. Subalit ang masama ay lalo na silang napalayo, at tuluyan nang naligaw! They were now so deep in the woods and he had not a single idea where they were and how to get out!

Hindi niya napigilan na sumulyap sa kanyang mga tauhan. Iisa ang takot na nakapinta sa mukha ng mga ito. At pare-parehong pilit iyong itinago. Naiintindihan niya. Their tour of duty in Mindanao was almost over for most of them. Hindi ba malaking kamalasan na ngayon pa sila na-ambush?

Muli niyang inilibot ang paningin at natigil sa isang bahagi ng gubat. Agad niyang ikinasa ang M-16 na bitbit at itinutok sa lugar na iyon. Napansin ng babaeng tinyente ang kanyang ikinilos. “Captain?”

“Stand fast, Lizzie... arms at the ready.”

Animo galing sa hukay ang tinig niya nang sambitin ang utos, ang mga mata ay nakapako na sa pagitan ng dalawang punong tumawag ng kanyang

pansin. Hindi kalaunan ay lumabas na ang hinihintay.

Isang tao... Isang lalaki... Matalim ang mga matang nakatitig ito sa kanya. Hinintay ni Gabriel na maglabas din ito ng baril. Handa siya para roon, ngunit....

“Dito!” sigaw ng lalaki, kasabay ng senyas na lumapit siya rito. “Sumunod kayo sa ’kin! May daan dito palabas!”

*What the hell...?*

That was strange. He felt so queasy he could not make the words come out of his mouth. But he swore he knew that voice.

“Sino ka!?” tanong niya sa lalaki.

“Wala na kayong panahon! Parating na sila!” sagot nito. As if on cue, isang serye ng dere-derechong tunog ng machine gun ang bumulahaw sa katahimikan, kinumpirma ang sinabi ng estranghero.

“Captain, the bad guys are here,” anang tinyente.

Sa isip ni Captain Esteves, maaaring bitag iyon. Maaari ring iyon lamang ang tanging paraan nila para makalabas doon. He decided to finally take his chances, but not before letting out a silent prayer.

*God help us ...*

“Men! Follow me!” Sa kabila ng matinding kabog sa kanyang dibdib, sinimulan niyang tumakbo patungo kung saan kanina naroon ang lalaki. Nauna na itong tumakbo. The captain just intended to follow the guy to their escape... or to their doom.

Parang hindi matapus-tapos ang mga daan. Ngunit hindi nagtagal ay nakarating sila sa isang pamilyar na lugar, kasabay niyon ay ang tunog ng papa-landing na helicopter.

*Salamat, Diyos ko...* dasal niya sa isip nang mapaghulo kung nasaan na sila.

Nais pa sana ni Gabriel na lumuhod at humalik sa lupa sa mga sandaling iyon. But that would have been rather melodramatic.

“LT, si Boyet muna!” mariing utos niyang unahin ang sugatang kawal sa pagsakay sa helicopter.

“Yes, Sir!”

Isa-isa nang nakaakyat ang mga tao sa helicopter. Siya ang pinakahuling sumakay doon. He swiftly boarded the green monster which took off right away as soon as he was on it. Noon niya na-realize na mayroon siyang nakaligtaang gawin: ang pasalamatan



ang lalaking tumulong sa kanila.

Agad siyang dumungaw sa lupa at nakita ang mama na nakatanaw sa kanya.

*You...*

Ngayon, hindi na lamang boses nito ang pamilyar kay Gabriel. Hindi siya maaaring magkamali. Kilala niya ang lalaking iyon.

# 1

Tahimik na nililibot ni Patrice ang classroom. Tumitigil siya every now and then para tingnang mabuti ang gawain ng mga batang mas nangangailangan ng tulong. The kids were now on their third pace work. Naghahanda na ang mga itong magsulat ng lines at curves.

Hindi madali ang magturo sa kindergarten. Kailangang may pasensya ang isang teacher na kasing-haba ng buhok ni Rapunzel. Pero hindi siya nagrereklamo. Not at all.

She loved her job. Proud at maligaya siya sa kaalamang siya ang first-ever teacher ng mga batang ito. The 'firsts' may not be the ones usually remembered, pero sila ang naglalagay ng pundasyon ng edukasyon ng mga kabataan.

Higit sa lahat, iyon talaga ang forte niya. Kaya nga siya nag-aral ng early childhood education ay dahil nag-e-enjoy siyang magtrabaho kasama ang mga bata.

*Hmm... children...* She would have had her own if-

“Teacher! Pinutol ni Nash ang pink crayon ko!” reklamo ng batang babaeng si Yuri na siyang nagtigil ng pagmumuni-muni ni Patrice.

“Nash,” mahinahon niyang tinawag ang pangalan ng ‘Dennis the Menace’ ng klase niya. “Didn’t I tell you not to disturb your seatmates?” Her calm but firm manner never failed to shush her naughtiest pupil, nicknamed ‘Twister’ by the other kids.

“Yes, Teacher,” mabait na tugon ng bata. Pagkatapos ay parang anghel na ibinalik nito ang atensyon sa sariling pacework.

Ilang minuto lang ang lumipas ay bumalahaw na ang tunog ng dismissal bell. Muling umingay ang kapaligiran sa sabay-sabay na pagkilos ng mga bata.

“Everyone! Fall in line properly and place your work on my desk. Walang magulo!” paalala niya sa mga anak-anakan. Pinanood ni Patrice ang mga paslit na isa-isa nang naglalabasan ng silid. Bakas sa mga mukha nito ang excitement na makauwi agad.

Of course, they anticipated more fun at home over afternoon snacks in front of the television, o di kaya ay ang fun playtime kasama ang mga kaibigan nito bago mag-dinner.

Biyernes noon, favorite part of the week ng

lahat. At sa mga sandaling iyon, nagsimula na ang weekend para sa mga estudyante at mga guro ng *Sprouts Learning Center*.

Tulad ng lahat, excited din siya sa weekend. Ngunit hindi siya gaya ng marami na playtime and gimmicks ang laman ng isip. For her, weekends were longer time to spend at home. Longer time to be with—

“Hello, Teacher.”

Muling nagising ang diwa niya ng pagkatok at ng tinig na iyon ni Baron, ang headmaster ng eskuwelahan.

“Hey, Boss,” tugon niya habang inaayos ang kaguluhang iniwan ng mga estudyante niya.

Lumapit ito. “Gustong lumabas ng mga teachers tonight for dinner and some drinking. Wanna join us?” aya nitong bakas ang pag-asam sa tinig.

“Uhm...” Hindi pa man nagsisimulang mag-compose ng excuse letter ang utak ni Patrice ay mukhang alam na ng lalaki ang kanyang isasagot.

“It’s Friday, Patrice.”

“I know. But, I need to go ho—”

“Patrice, napag-usapan na natin ang bagay na ito.”

“Oh, please don’t start again,” agad niyang pakiusap sa lalaki sa nais nitong sabihin.

Ngunit mapilit ito. “I’ve said it before and I’ll say it again, and I won’t stop until it gets into your head. What you’re doing is not healthy. It’s time you accept—”

“Stop it, Baron!”

Bahagyang namula ang lalaki sa pagtataas niya ng boses. She was sorry. But she had to shush this boy up. Hindi niya gustong marinig ang kung ano pa mang sasabihin nito.

“Gusto ko lang talaga umuwi, okay? Please try to understand that.”

Nakapinta sa mukha ni Baron ang concern, ngunit alam niyang naiintindihan siya nito bagaman hindi ito sang-ayon sa kanyang ginagawa. Hindi niya inaasahang maiintindihan din iyon ng iba. Pero si Baron at ang girlfriend nitong si Nicca ang closest friends niya. They understood her. Sapat na iyon para kay Patrice.

Nagbuntong-hininga ito saka mabait na ngumiti.

“Okay... Call us if you change your mind. Susunduin kita agad.” Lumakad na ito patungo sa pinto. Bago lumabas, humabol pa ito ng, “Please consider changing your mind, okay?”

Ibinalik ni Patrice ang ngiti nito. “I’ll try.”

Ganoon na nga lamang ang takbo ng usapan sa tuwing aayain siya ng isa kina Baron o Nicca na lumabas ng bahay niya. She always got her way at walang nagagawa ang mga kaibigan tungkol doon kundi tumango at umasang mag-iiba ang kanyang isip.

Subalit wala siyang balak magbago ng isip. Her house was where her solace resided. Why on earth would she ever want to be away from it?

“I’m home!” anunsyo niya pagkapasok sa two-bedroom condo unit niya ilang minuto pagkatapos. Walang sumagot sa kanyang announcement.

Tumungo siya sa kuwarto niya at agad na lumapit sa isang antigong baul sa paanan ng kama. Binuksan niya iyon at inilabas ang isang kahong puno ng mga litrato.

Naupo si Patrice sa kama at sinimulan ang pagmumuni-muni habang isa-isang tinutunghayan ang mga larawan. Sunod ay inilabas naman niya

mula sa kahon ang isang makapal na bundle ng mga nakatuping papel. Mga sulat.

Namili siya ng isa. This time, it was the green one—a graphing sheet torn out from a Math notebook. Binuklat niya ang papel at sinimulang basahin. Maikli lang ang nilalaman niyon, pero isa iyon sa mga pinakapaborito niya.

*You didn't have your glasses on at school yesterday... I realized you're a lot prettier without them. I stayed up all night thinking about that. -- Archangel*

Patrice smiled. Naalala niyang kaagad niyang hinubad ang suot na salamin nang mabasa ang liham na iyon, at sinanay na ang sarili sa paggamit ng contact lens.

Nakaramdam siya ng kurot sa kanyang puso. Hindi na rin niya napigilan ang pagtulo ng luha sa kanyang mga pisngi. The memories caused her pain. Pero paulit-ulit siyang bumabalik sa mga alaalang iyon sa loob ng nakalipas na limang taon. For only by way of the pain that she could be in his arms again.

Inihiga niya ang ulo sa isang unan. She closed her eyes and allowed more memories, more pain to come.

Then, right at that instance, she was with him

once more.

---

Saan mang lupalop ng daigdig, ang airport ay isang naturally at perennially busy place. Lalung-lalo na sa arrivals area. Usually, masaya ang atmosphere dahil iyon ang lugar para sa reunion, kung saan sinasalubong ang mga mahal sa buhay na matagal na hindi nakita at nakasama.

Iyon na nga ang mga eksenang nakapalibot kay Gabriel sa mga sandaling iyon. Ngunit hindi niya alintana ang mga pangyayari sa kanyang paligid. Abala siyang lumilinga-linga para hanapin ang susundo sa kanya.

Hindi iyon naging mahirap para sa kanya. Ilang saglit lang ay namataan na niya ang kanyang ‘welcome home committee,’ na walang iba kundi si Angelo Silva, his mistah, fellow *Marine* Captain, at best friend rolled into one.

Isang mahigpit na yakap ang ibinigay nito kay Gabriel nang makalapit siya rito, kasabay ng mga katagang nagpapatunay na matapos ang mahabang panahon ay nakalabas na nga siya ng gubat. He was indeed back.

“Welcome home, brother.”



“Langya ka, ’tol! Lalabas ka na lang, gusto mo pa grand exit,” ani Angelo habang hawak ang manibela. Ang tinutukoy nito ay iyong himalang pagkaligtas nila ng tropa niya sa Basilan ilang linggo na ang nakakalipas.

“Sabi nga nila, when you gotta go, you gotta do it with a bang,” pabirong sagot niya. Pero sa totoo lang... “*Sh\*t, pare!* Bangungot sa ’kin iyon! ’Buti na lang tapos na ang debriefings ko,” pahabol niya, indirectly telling his friend that he no longer wished to talk about that horrible ordeal.

Good thing, nakuha ni Angelo ang mensahe. Iniba na nito ang usapan. “Anyway, mabuti na lang, narito ka na. Mababawasan na ang trabaho ko.” True. Angelo had been doing admin tasks for the Commandant aside from his real job as chief of the *Recruit Training Unit*. “You know the old man, Gabe. Hindi matatahimik iyon hangga’t wala tayong dalawa sa poder niya.”

Gabriel smirked. “His favorite bad boys?”

“Tell me about it!”

Nagkatawanan ang magkaibigan.

Totoo iyon. Sina Gabriel Esteves at Angelo Silva ay tinaguriang ‘The Bad Boys’ ng kanilang batch. Kapwa sadyang may kayabangan. Parehong bully, antipatiko at maangas. It happened on their first day as plebes in the academy. Nagkatitigan lang ay nagsuntukan na.

Of course, it had been too early to consider expelling them both. Kaya in-enjoy na lamang ng mga upperclassmen nila ang pagdebatehan kung anong parusa ang ipapataw sa kanila. At ang hatol: pagulungin silang parang mga baboy sa putikan sa loob ng apat na oras!

*Hell! We got pictures to remember that by!* Gabriel thought with amusement.

Si Angelo na ang pinakamatalik niyang kaibigan mula noon. At ngayon ay ginawa nito ang lahat para i-welcome siya. Unang-una na ang pag-aasikaso sa mga kakailanganin niya sa bago niyang trabaho.

“Are you ready to meet with your new boss?” tanong ni Angelo, ibinabalik sa business ang usapan.

Bahagyang nabigla si Gabriel sa tanong na iyon. “What? Now?”

Napangisi ang kaibigan. “Yup. Ang order sa ’kin ay sunduin ka sa airport at ihatid sa headquarters.

You start work on Monday.”

“Ano!” Hindi siya makapaniwala. “Monday?”

Kagagaling lang niya sa isang mahabang assignment. Wala pa ngang isang oras ang inilalagi niya sa Maynila at heto na ang bagong trabaho!

“I’m leaving for field exercises in Ternate on Sunday, bro. Kailangan ko nang ma-turn over sa iyo ang lahat bago ako umalis. My current batch of recruits is set to graduate in two weeks.” Hindi alintana ng kaibigan na sumasakit na ang ulo niya dahil sa mga ibinabalita nito.

“Anghel, Biyernes ngayon. And it’s almost noon. Naiintindihan mo ba ‘yun?”

Muli siyang nginisihan nito. “Iyan ba’ng epekto sa iyo ng combat overdose? Naging worrier ka na? Relax!”

“Relax? Matapos mo akong i-overwhelm ng trabaho, sasabihan mo akong mag-relax?”

“Gabriel, umayos ka ha!” pikon nang angil ni Angelo. Ano ba’ng pinoproblema mo?”

He could not believe that his friend had overlooked the obvious. “Kararating ko lang! Bigyan mo naman ako ng time mag-settle in. Wala pa nga akong

tirahan!” reklamo niya. Iyon ang isang katotohanan na madalas niyang pagsisihan. Hindi pa siya nagbase sa lungsod sa buong military career niya. “Syano’ na nga ang tukso sa kanya ng batchmates niya.

Sa siyudad nga siya ipinanganak; dito lumaki at nag-aral. Ngunit pinili ng mga magulang ni Gabriel na magretiro na sa hometown nila sa Negros Occidental nang makatapos siya sa *Philippine Military Academy*. Doon na niya nakagawiang maglagi sa tuwing may bakasyon siya sa trabaho. Hindi sumagi sa isip niya minsan man na magkaroon ng property sa Maynila. Until now...

“Saan ako titira? Sa barracks?”

Isang malutong na mura ang natanggap ni Gabriel mula sa matalik na kaibigan. “Ano ka ba! Hindi ba nagpahanap ka sa ’kin ng bahay? Ayos na, nakahanap na ’ko.”

Natigilan si Gabriel. Nawala sa isip niya ang bagay na iyon. “Talaga? Saan?”

“My girlfriend owns a condo unit. Malapit lang. She bought it last year pero hindi niya nagamit. It’s completely furnished, p’re. Maya gave you a good price so I grabbed it. Binayaran ko na rin ang advance-deposit requirements. Bayaran mo na lang

ako—”

“When able?” sabat niya, baka nga naman makalusot. Pero...

“Shut up!” asik nito.

*Okay...* Hindi na siya sumabat ulit.

Ipinagpatuloy ni Angelo ang pag-uulat, “We went shopping the other day. We bought you new bed sheets, kitchen items, dining stuff. Maya wanted to make the place agree to your taste.”

*Hmm...* “Good. I like her already,” komento ni Gabriel. Hindi pa niya nami-meet ang significant other ng kaibigan, pero base sa mga naikuwento ni Angelo tungkol dito, alam niyang perfect match ito para sa best buddy niya. At masaya siya para sa mga ito.

Angelo smiled in agreement with his thoughts. “You’re practically settled in. Mga damit mo na lang ang kailangan mong dalhin when you move in tonight.”

One last probe. “Y’sure I will like the place?”

Ngumiti ito muli. “It has everything you require. Cable TV, phone line, Internet line, hot and cold shower, and, oh yes! May bonus pa!” pilyong dagdag

nito.

Tumaas ang kilay ni Gabriel sa sinabi nito. “Bonus? Ano?”

May kapilyuhan nga ang nasa isip ni Angelo. “A cute neighbor.”

“Ah, gan’un...” tatawa-tawa niyang sagot. “Y’sure this *cute neighbor* would agree to my taste?” pilyo ring tanong niya.

Derecho ang sagot nito. “She’s your type, Gabe.”

Lumapat ang isang kamay niya sa balikat ng kaibigan. “Alam mo, Anghel, hindi kita maintindihan. Una, mamadaliin mo ako sa trabaho. ’Tapos, bibigyan mo ako ng distraction.”

“Hindi distraction ‘yun, ’tol. *Inspirasyon!* Pampagising ng natutulog mong dugo,” anang lalaki na may pagka-melodramatic.

Nagkatawanan ang mga ‘bad boys’ sa kawalan ng patutunguhang paksa ng usapan.

But Gabe could not help considering that idea. He hadn’t had a lady in his life for quite sometime now. Hindi ibig sabihin niyon ay agad niyang susunggaban ang unang magandang dilag na makakasalubong niya, but having a cute neighbor may not be a bad

idea at all. It could even confirm that he was indeed back in civilization. Matagal-tagal na rin siyang hindi nakakaporma. It was time he got the feel back.

Speaking of porma... mayroon siyang biglang naalala. “Anghel, kumusta si Roxy?”

Agad nitong naintindihan ang nasa isip niya—na kung poporma siya sa kanyang cute neighbor, kailangan niya si Roxy. “She’s fine! And, she’ll be very happy to have you back.”

“Perfect,” he said with a satisfied grin on his face.

## 2

Sleek, sexy and black. Ito si Roxy. Ang motorsiklong pinakamamahal ni Gabriel. Inihabilin niya ito kay Angelo for safe-keeping nang ma-assign siya sa Mindanao. At talagang nanabik siya nang husto rito matapos mawalay sa kanya nang mahabang panahon. She was still in exceptional form. It was a good thing that his buddy had taken very good care of her.

“Good girl,” proud na puri niya rito nang maihimpil ito sa isang bukas na parking slot. Angelo had registered Roxy to be an official tenant in the parking areas of *Helena Towers*, at maaari niya itong i-park sa kahit saang available slot.

The *Helena Towers* was a four-building condominium, each tower modeled after the refined and detail-perfect tone of the architecture of the Hellenistic Age of ancient Greece.

Excited na nga si Gabriel makarating sa bago niyang apartment. Naisip niyang tiyak na babagay iyon sa estadong kakabit ng bago niyang posisyon.

Hindi na siya combatant. He was now a pencil-pushing desk weenie who did administration tasks for



the Commandant. Sa madaling salita, office boy na siya. Actually, more of a high-class secretary with an 8:00 - 5:00 job. Naka-*Marine* uniform nga lang siya.

Para sa isang trained fighter na katulad ni Captain Esteves, hindi niya inaasahang magiging enjoyable ang trabahong iyon. Pero talagang hinahanap na ng katawan niya ang pagbabago.

*And it's about bloody time!* tatawa-tawa niyang pagmumuni-muni na naudlot ng pagtigil ng elevator sa seventh floor—his stop.

The corridors were dark. Tahimik din. Mukhang pinanindigan ng mga kapitbahay niyang magliwaliw sa Friday night na iyon.

Hindi niya napigilan ang mapangiti nang makita ang loob ng bahay. The place had indeed been redecorated according to his taste... framed posters of his favorite rock bands hung on the walls, his books neatly sitting on the shelves, his CDs and DVDs on racks by the home theatre system. At, aba! May giveaways pa! Puno ang cupboards at refrigerator ng mga pagkain at inumin. Hindi lang iyon. May fresh fruit basket pang nakapatong sa dining table. It had a card which read: *'Welcome to your new home. Enjoy! – Angelo & Maya.'*

Masayang nagbukas siya ng isang lata ng beer at tumungo sa next stop niya, ang bedroom.

Dalawa ang kuwarto roon. Dumerecho siya sa mas malaki na siyang itinalagang tulugan niya. Siyempre, nagustuhan din niya iyon. Lalo na nang makita ang double-sized bed na tila ba tinatawag na siya papalapit. His body instantly relaxed at the vision.

Naisip niyang marami siyang panahong i-explore ang buong bahay. Sa ngayon, uunahin muna niya ang hinihingi ng kanyang katawan: ang makahiga sa kama upang makapagpahinga.

Dagling nagtungo si Gabriel sa banyo at nagpasarap sa malamig na shower. Matapos makapagbihis ng malinis na t-shirt at boxers ay ibinagsak ang sarili sa kamang naghihintay.

“Haay! Heaven...” he whispered just about the moment he fell into the long awaited peaceful oblivion.

Or so he thought ...

*Recess. Sinong estudyante ba ang magsasabing hindi nila paborito ang oras na ito? Karaniwan nang eksena sa cafeteria ang bukod-bukod na grupo ng mga mag-aaral ayon sa estado ng mga ito sa lipunan.*

*Project: Archangel - Vivi Hernandez*

---

*Being captain of the football team, Gabriel Esteves was seated with his fellow jocks. Honor student din siya, at welcome siyang maupo sa mesa ng mga brainiacs. Ngunit base nga sa expected standard, hindi 'cool' ang mapabilang sa grupong iyon. Kaya kahit gago ang mga kasama niya, pinili pa rin ni Gabriel na sa mga iyon niya gugulin ang kanyang recess period. At ang resulta? Gago na rin ang tingin ng marami sa kanya.*

*Gabriel bullied everyone, including his teachers. But with the latter, he did it differently. He did it with charm. At wala namang magawa ang mga maestra dahil kailangan siya ng mga ito. His school needed him. Dahil kung wala siya, hindi buo at hindi malakas ang three-man team na isinasabak ng eskuwelahan sa iba't ibang scholastic competitions.*

*“Gabe,” inagaw ng isang jock ang atensyon niya, “Best friend mo paparating.”*

*Tumigil siya sa pagtugtog ng gitarang hawak at nilingon ang itinuro ng football teammate. “Tsk!” Napailing siya; naiinis na maiistorbo ang kanyang free period.*

*Tinapunan niya ng iritadong tingin si Michael Chang, ang palapit na kaklase.*

*“Chang! Kamusta si Chong?” sigaw ng isang jock*

*dito. Isang masigabong tawanan ang sumunod doon.*

*“Esteves,” the bespectacled newcomer said, ignoring the not-so-funny quip.*

*“Ano?” singhal ni Gabriel dito.*

*Nagulat ang sininghalan, pero pinilit na huwag magpaapekto. Isang papel ang iniabot nito sa kaniya.*

*“Sabi ni Miss Sotejo, aralin daw natin ang mga problems na ’to. Meeting daw after final period para ma-discuss ang mga possible solutions.”*

*Hindi niya kinuha ang papel. “Hindi ako puwede. May football practice ako.”*

*Walang pag-aatubiling binara iyon ng kausap. “Exempted ka. Kinausap ni Ma’am si Coach.”*

*Nanlisik ang mga mata ni Gabriel sa narinig. “Anak ng... Sino’ng nagsabing pakialaman n’yo ang football?”*

*“Math Quiz Bee’s in three weeks, Esteves. We’re going against Manila Science.”*

*Gabriel knew he was a jerk. But he was not irresponsible. He knew his duties and he did them exceptionally well. But then again, his being a bully always found its way in. Tumangu-tango siya, suot ang*

*isang nakakalokong ngisi. Tumindig siya at hinila ang nerd na kausap palayo sa maiingay na footballers.*

*“Okay, Michael, I’ll do it,” aniya. “Pero hindi ito libre. You have to do something for me.”*

*Pokerfaced ang chinitong kaklase nang magprotesta. “Bakit ako ang sinisingil mo?”*

*“Hey, you want me to stay on the team, Mike?” hamon ni Gabriel.*

*Saglit itong nag-isip. Matapos ay huminga nang malalim. “Sige na nga. Ano ba ‘yun?”*

*Inakbayan niya ang kaklase at ihinarap sa dikalayuung bahagi ng cafeteria. Doon, sa isang mesa ay nag-iisang nakaupo ang isang dalagitang kanina pa niya sinusulyap-sulyapan. Hawak nito ang papel na gaya ng ibinibigay ni Michael sa kanya. Paminsan-minsan ay isinusukbit nito ang buhok sa likod ng tainga.*

*Bahagyang natawa ang katabi. Naintindihan nito ang nais niyang mangyari. “Matagal na natin siyang kasama sa team, bakit hindi mo lapitan?”*

*The nerd had a point. Pero hindi iyon nasagot ni Gabriel. Iyon ang dahilan ng nangungutyang pagngisi ni Michael. “You’re captain of the football team, Gabe.*

*The school's best striker in the last four years. You're ace-no, you're the ace. And, aces always get the head cheerleader." Sarcastic ang tono nito.*

*Tinapatan iyon ni Gabriel ng sarili niyang version ng sarcasm. "The point is, Mr. Valedictorian-Since-Birth... she is not a cheerleader." Now, he had a point. Sa estado niya sa eskuwelahan, girls were never hard to come by. Hindi na niya kailangang manligaw. But... figuring out how to approach this particular girl had been giving him the mother of all headaches.*

*Kakatwa nga namang isipin na siya na kilalang nag-uumapaw sa confidence ay nawawalan ng lakas ng loob pagdating sa babaeng ito.*

*Iiling-iling na natawang muli ang chinitong kaklase. "Nahihirapan ka rin pala ..."*

*"Don't rub it in, Michael," babala niya.*

*Bumuntong-hininga ito at napangiti siya dahil sa senyales niyon. Muli nitong inabot sa kanya ang listahan ng mga komplikadong Math problems. This time, tinanggap na niya iyon. "I'll see you after final period," sambit nito bago lumakad papalayo.*

*Sinundan ito ni Gabriel ng tingin hanggang makalabas ng cafeteria. Natigilan siya. Biglang nagbago ang kapaligiran; dagling nagdilim. Ang mga*

*mesa at mga tao sa cafeteria ay biglang naglaho at napalitan ng mga puno at damuhan. Nakita niyang may lumabas na pamilyar na tao sa lugar kung saan nakatayo kanina si Michael. Nakaramdam siya ng biglang pagsikip ng dibdib at pagkabigat ng katawan. Dahil ang taong nakita ay ang lalaking nagligtas sa kanya sa Basilan—ang adult version ni Michael Chang...*

Dagling dumilat ang mga mata ni Gabriel at natagpuan ang sariling naliligo sa pawis. Ramdam niya ang matinding pagod na tila ba katatapos lang niyang tumakbo nang ilang kilometro, in full battle gear.

Hingal siyang napamura makalipas igala ang mga mata sa kinaroroonan at matiyak na naroon siya sa kanyang silid at nakahiga sa kama.

He sighed in relief after realizing that he had been sleeping, and what had just happened was simply a dream. A bad, bad dream.

Maliwanag na sa labas. Naging malalim pala ang tulog niya. Dahan-dahang ibinangon ni Gabriel ang sarili mula sa pagkakahiga.

Dumerecho siya sa banyo for the preliminary morning fuss. Ngunit hindi nakatulong ang ritwal na

iyon para pagaanin ang kanyang pakiramdam. He still felt suffocated and horribly nauseated. Kailangan niya ng hangin. Muli siyang bumalik sa silid at binuksan ang malaking sliding doors palabas sa balkonahe.

“Ahh... sarap...” salubong niya sa bumungad na malamig at sariwang hangin.

Nakapikit ang mga mata na nilanghap niya ang preskong hangin at sinubukang i-relax ang isip. It worked. His stiff muscles instantly loosened. Napangiti si Gabriel at muling sumagap ng hangin. Pero this time, napansin niyang hindi na lamang sariwang hangin ang nalanghap niya. May kasama na iyong masarap na aroma ng bagong timplang kape.

Agad na dumilat ang mga mata niya at lumingon sa pinanggalingan niyon sa kabilang balkonahe.

“Wow...” Hindi niya napigil ang pagkurba ng isang ngiti sa kanyang mga labi sa nakita. Alam niyang may bahid iyon ng kapilyuhan, dahil kapilyuhan din ang inaawit ng isip niya. *Man! It's a hot one! Like seven inches from the mid-day sun...*

“Hello, cute neighbor...”

Hindi narinig ng babae ang ibinulong niya. Tila ba wala ito sa sarili na nakatanaw sa malayo, hawak ang mug ng kapeng nagsisimula nang lumamig.



Mukhang hindi nito alintana ang presensya ng isang estranghero sa katabing bahay.

Sinamantala niya ang pagkakatulala nito para tahimik itong pagmasdan mula sa kanyang kinatatayuan. The girl was wearing shorts and a sleeveless shirt, and he thought she was... sexy.

He smiled, as he liked what he saw. Sa isip niya, *Tama si Angelo. Pampagising nga ng dugo ang isang ito!*

His attention shifted to the woman's face. But her hair fell loosely on the front, covering a part of the face. He could not really see how she looked, until her hand moved, hooking the hair on the back of her ear...

*Huh?* Napakurap si Gabriel sa ginawa ng babae. That gesture, those pink cheeks, the cute pointed nose, the small pouty lips—they all looked freakingly familiar.

Nawalan na siya ng oras na suriin ang pagkalito. Ginawa na iyon para sa kanya ng biglang paglingon ng babaeng pinagmamasdan. Nagsalubong ang mga mata nila. Noon namalas niya nang mabuti ang mukha nito. Ang babae... his cute neighbor... She was...

“P-Pat... Patrice?” may pag-aalangan niyang bigkas.

Bakas din ang gulat sa mukha ng babaeng tila naging tuod nang nakatayo roon, ang mga mata ay napako sa kanya. Mabilis ding nagbago ang ekspresyong iyon at napalitan ng isang masayang ngiti. Bumagay sa tono nito nang sambitin ang pangalan niya.

“Gabriel Esteves?”

Kapwa nahimasmasan, nagkatawanan sila. Sabay silang kumilos para lumapit sa isa’t isa. Halos apat na talampakan ang pagitan ng dalawang balkonahe. But Patrice still held out her arms to reach his. Gayon din ang ginawa ni Gabriel.

“Oh, my gosh... Gabe! It’s been so long!”

“Oo nga. Gaano na ba katagal? Twelve years?”

“Thirteen. Last time I saw you was during senior class recognition. Hindi na kita nakita sa graduation, ah.”

*Hinanap mo ako?* “Ahh... nasa Baguio na ako n’un. So, how... how are you? Dito ka nakatira?” He felt stupid asking an unnecessary question.

“Uh huh. Ikaw?”

“I’m renting. Kagabi lang ako lumipat.”

“Oh...”

The thing with unexpected reunions like this one, biglang nawawalan ang mga partido ng ideya kung ano ang susunod na sasabihin. Saglit na naghari ang nakabibinging katahimikan.

Sa parte ni Gabriel, naparalisa na ang isip niya gawa ng pagkakatitig sa mukha ng babaeng matagal niyang hindi nakita. He remembered he had been a busy boy in high school. But whatever spare time he had managed to scrimp, he would spend it by secretly watching Patrice Cristobal from afar—whether it was at the cafeteria, the gym, in the classroom or on the school bus. Hindi siya makapaniwala na makalipas ang mahabang panahon ay muli niya itong makakaharap. At hindi niya maiwasang mapansin na maganda pa rin ito hanggang ngayon.

She was no longer the shy, four-eyed, chubby Math geek he competed with in scholastic events. She was now a mature, lovely lady possessing an intelligent and alluring charm.

*Huh?* Natigil si Gabriel sa pangangarap nang muling kumilos ang babae. Itinaas nito ang isang kamay at muling isinukbit ang makulit na buhok sa

likod ng tainga. Bahagyang sumikip ang dibdib niya sa napansin: isang simpleng gold band sa kaliwang palasinsingan nito.

“So... You’re, uhh... married,” nagawa niyang sabihin sa kabila ng bukol na namuo sa lalamunan.

Ngumiti si Patrice, kasabay ng pagtaas ng kamay nito, iginalaw-galaw ang mga daliri. “Yes.”

“Who’s the lucky guy?” he asked further, trying to keep his cool and his voice modulated.

The smile on the woman’s face seemed to have frozen in place. Kinagat nito ang pang-ibabang labi sa halip na sumagot. Sapat na ang ekspresyong iyon para sagutin ang kanyang tanong.

Natawa si Gabriel sa napagtanto. “Si Michael?”

Masayang tumango ang babae. “Yeah... We got married after college.”

Napailing siya. He realized how much he had missed all those years. “Kayo talaga! Wala man lang nagbalita sa ’kin? Nasaan na’ng walanghiyang iyon? Mike! Hoy, pare! Lumabas ka dyan!” pabirong bulyaw niya sa bintana ng balcony na kinatatayuan ni Patrice, tinatawag ang kababata. “Chang! Huwag ka ngang magtago—”

Dagling natigil siya sa pagbulahaw nang mapasulyap sa babae. Tahimik itong nakayuko. “Patrice?”

The woman looked up. He saw instantly that there were tears in her eyes. “Gabe, Mike’s not here...” she said in a soft, sad tone.

“What?” Hindi niya agad naintindihan.

“He’s... gone.”

Dahan-dahang nanlalamig ang kanyang katawan. “Gone? Gone where?”

Tuluyan nang bumagsak ang luhang pilit na pinipigil ng babae. “Car crash... Baguio. Five years ago.”

# 3

Tulala habang nakaupo sa gilid ng kanyang kama; hindi namalayan ni Gabriel na matagal na siyang nasa ganoong posisyon matapos niyang makausap si Patrice. Matapos niyang marinig ang isang kabigla-biglang balita.

*Patay na si Mike?* tanong niya sa isip sa muling pagkakataon. He just could not get over the shock brought about by that news. Samu't saring sorpresa na ang sumalubong sa kanyang pagbabalik sa siyudad. Akala niya ay pinakamalaking sorpresa na ang matagpuang kapitbahay niya ang babaeng sekreto niyang kinabaliwan noong nagbibinata siya, but the news about Mike's death toppled it all.

Napangiwi si Gabriel sa asim na nagsisimula nang maramdaman sa sikmura. It was a strange feeling to know that a friend of his had passed away. Yes, Michael Chang had been his friend. He may have bullied the guy all through their school life. Pero ito lamang ang pinagkatiwalaan niyang sabihan ng isang lihim na hindi niya nagawang ipaalam sa iba.

*“Michael!” pahabol na tawag ni Gabriel sa kanyang reluctant sidekick, habang sinusundan ito palabas ng*

*classroom. Katatapos lang noon ng Physics class, at may ilang minuto pa bago magsimula ang Social Studies. Inakbayan niya ito nang maabutan sa tapat ng pinto. “Kumusta na’ng Project Archangel natin, ha, pare?”*

*“Ano ’yun?” tugon nitong tila ba preoccupied ang isip.*

*Tatawa-tawa, pabiro niyang sinuntok ang braso nito. “Ikaw naman... alam mo na ’yun.”*

*Kumibit-balikat ang Tsinoy. “Malay ko. Basta nilalagay ko ang mga sulat mo sa locker niya. Tapos.”*

*“Okay.” Isang papel ang inabot niya rito. Hindi tulad kahapon na pumilas lang siya ng pahina sa Math notebook niya, this time, gumamit na siya ng stationery. “Heto pa.”*

*Sumimangot ang ‘alipin’. “Na naman? Araw-araw na iyan, ah!”*

*“Mukhang umepekto, eh,” nakangisi niyang turan.*

*“Ows?” tanong ni Mike, nagdududa. “Paano?”*

*Kinikilig siyang nagkuwento, “Kasi kahapon, sabi ko sa sulat, bagay sa kanya ang hindi nakasalamin. Pagkatapos niyang mabasa iyon, hinubad niya agad ang salamin niya!” Tinapos ang salaysay sa pamamagitan*

*ng pagyugyog sa kausap.*

*Ito naman ang ngumisi. Sarcastic. “Baka naman lalo lang lumabo ang paningin dahil sa pangit ng penmanship mo.”*

*Automatic ang angil na inilabas ni Gabriel. “Tadyakan kaya kita?”*

*“Eh, kung hindi ko kaya ibigay iyan?” balik nito.*

*“Are you trying to bully me, Chang?” asar niyang tanong. “I’m the bully around here, okay? And you. You are my humble, ever-faithful cohort, as is dictated by the status quo.”*

*Napailing si Mike. Ipinakita nitong may karapatan din itong maasar. “When that status quo changes to my side, Esteves, pagbabayaran mo’ng lahat ng atraso mo sa ’kin.”*

*Muling ngumisi si Gabriel sa pagkawagi sa argumento. “Well then, when that time comes, I’ll be at your complete disposal. But for now...” Iniabot niya muli rito ang maliit na papel.*

*Talunang napabuntong-hininga ang kaharap. “I can’t wait for graduation!” pabulong na reklamo nito, kasabay ng padabog na paglakad patungo sa mga lockers ...*



Napapikit si Gabriel sa hindi tapos na alaalang iyon. Nakaramdam siya ng pagod at bumalik ang masakit na pamimintig ng kanyang mga sentido. Minabuti niyang mahiga para maipahinga ang isip. Pero...

“Mike? Dead?” tanong niya ulit for the nth time. That fact had been sinking in him quite slowly—and painfully. “God... this didn’t happen...”

“It happens, Gabe. Everybody dies sooner or later.”

He let out a long sigh. “Kunsabagay...” he replied, realizing too late that he had answered not to his thoughts—nor his voice. Kaagad siyang napadilat nang mapagtantong may ibang tinig siyang narinig, at nakita ang nagmamay-ari ng tinig na iyon na nakatayo sa kanyang paanan.

“Hello, Gabe.”

Napasigaw siya kasabay ng pabalikwas na pagbangon mula sa kama, hawak ang isang unan na ihinaharang sa sarili. “Sino....” Agad niya itong nakilala. “You... ano... you....” Sinikap niyang sambitin ngunit tila ba nawalan na siya ng abilidad magsalita.

“Yes, it’s me,” anang lalaking bisita niya. Si

Michael Chang.

Nagsitayuan ang lahat ng buhok niya sa katawan. Kasabay niyon ay ang nakakakilabot na panlalamig. “But... you’re dead! She... Patrice said—no! You’re not real!”

“I’m not solid, if that’s what you mean.”

With all the slowness of his mind, he tried to consider what the other said and looked closely. Hindi siya maaaring magkamali. Si Michael Chang nga ang lalaking naroon sa kanyang silid. Ngunit hindi malinaw ang anyo nito. Tila isa lamang itong nakalutang na hugis sa hangin.

“Lumayo ka sa ’kin!” sigaw niya sa multong kaharap.

“Gabe—”

Naalala niya ang suot na crucifix sa leeg. Dinukot iyon at ihinarap sa kausap. “The power of Christ compel you!”

Natawa ang ‘bisita’. “Gabe, multo ako, hindi demonyo. And I’m not a bad spirit, trust me.”

Para na siyang binabangungot na hindi makakilos sa kinatatayuan. Inutusan niya ang sarili na labanan ito. Binato niya ang bitbit na unan kay Mike. Hindi

na niya tiningnan ang pagtagos niyon sa katawan nito; tumakbo siya at binuksan ang salaming pintuan palabas ng balcony.

“Patri–ahh!” hiyaw niya nang matagpuan ang multong naroon na sa labas.

“I wouldn’t alarm her if I were you,” babala nito sa iniisip niyang gawin.

“Bakit?” Paatras siyang lumakad pabalik sa loob ng silid, ang mga mata ay nakatutok sa multong papalapit.

“Number one, iisipin niyang nasisiraan ka ng bait, or you’re suffering from war shock for staying too long in Mindanao,” may sense nitong tugon.

Noon siya natigilan; naalala ang isang pangyayaring saglit ding lumipas sa kanyang isipan. “Ano’ng ginagawa mo sa Basilan?”

“Sinundo kita.”

“Jesus Christ...” Hindi niya napigilang mag-sign of the cross.

“Sinundo kita roon at dinala rito dahil kailangan kita,” his translucent visitor explained.

“Bakit?” *Why am I talking to this freak?*

Ngumiti si Mike. “The status quo has changed, Gabe. It’s payback time.”

Nagsalubong ang kilay niya sa sinabi nito. Hindi niya nagustuhan ang sinabi nito. “Ano’ng payback? Wala naman akong utang sa ’yo, ah!”

“Hoy, Captain Bully! Baka nakakalimutan mo! Kung anu-ano ang ipinagawa mo sa ’kin noon. Sabi mo, i-build up kita. You said to make you sound ‘good’ in front of her. Aba! Nagmukha na akong baklang in love sa ’yo, ah!” sumbat ni Mike.

May sagot siya roon. “Ah, gan’un ba? You built me up so well. Sure! Kaya ba sa ’yo siya napunta? Is that it? Jerk!” May bahid ng hinanakit ang tono niya.

Hindi sumagot si Michael. Pinanood na lamang nito ang muli niyang pag-upo sa kama. Pagod niyang ihinilamos ang mga kamay sa mukha.

*“Mike, dalian mo. Baka may makakita sa ’yo!” habol ni Gabriel. Dumarami na ang mga tao sa corridor. Dagli siyang natigilan nang makita ang babaeng object ng proyekto nila ni Mike—si Patrice Cristobal. Papalapit at siguradong sa locker ang tungo nito. “Mike! Bilis! Andyan na si—Tsk! Anak ng...” Napapadyak siya sa inis. Paano nga ba naman? Tatawid lang ng corridor si Mike, natalisod pa!*

*Umakyat na ang puso ni Gabriel sa kanyang lalamunan. Ilang hakbang na lang ay makakaliko na ang dalagita palabas sa main corridor kung saan naroon ang mga lockers. He had to stall her! Quick!*

*Pero, paano? Bahala na!*

*“Hi, Patsy.” Isinandal ni Gabriel ang mahaba niyang braso sa pader upang harangin ang babae. Hindi na niya inintindi ang obvious na pagpiyok ng nagbibinata niyang boses.*

*Bahagyang namilog ang mga mata ni Patrice sa kanyang di-inaasahang entrada. “Hi, Gabe,” she replied obligingly, using his nickname, which was very unusual of her.*

*“Uhh...” Saglit na umurong ang dila niya sa pares ng mapupungay na mata na nakatunghay sa kanya at naghihintay sa anumang sasabihin niya. “Ahh... Pahiram naman ng logarithmic table mo. Naiwan ko sa bahay ’yung sa ’kin. Wala pa ’kong assignment.”*

*Ngumiti ito at mga ilang tibok din ang itinalon ng puso ni Gabriel sa larawang iyon. Ngunit biglang nag-double time ang pagtalon niyon nang sumagot ang babae. “Ay! Nasa locker ko. Sandali ha.”*

*“Sh\*t!” Iyon na lang ang tanging naibulong niya sa sandaling iyon. Hindi na niya napigil ang*

*paglakad ni Patrice patungo sa locker nito. Wala na rin siyang nagawa pa kundi panoorin ang sumunod na nangyari...*

*Natigil ang babae sa paglakad nang makita ang binatilyong may isinisiksik sa gilid ng locker nito. "So..."*

*Ginulat ng tinig nito si Michael na agad napaikot paharap. Bakas ang pagkabigla sa mukha ng kaibigan niya. "P-Patrice..."*

*Matamis na ngiti ang iginuhit ng mga labi ng dalagita. "It's you."*

*His back on the girl's locker, Michael's eyes quickly darted from her to Gabriel standing at the corner of Science Hall, silently watching the scene. Sandali itong tumitig sa kanya bago ibinalik ang mga mata sa babaeng kaharap. Tumango ito at sinabing, "Yes. It's me."*

*"I'm sorry, Gabe... I really am."*

*Ibinalik ng tinig ni Michael ang diwa niya sa kasalukuyan. Naalala niyang mayroon siyang kasama sa kanyang silid sa mga oras na iyon.*

*That particular memory had been the one thing that made him distant the rest of his last year in high*

school. Lumayo siya sa mga kaibigan. Inihinto niya ang mga extra-curricular activities niya, kahit pa nakasira iyon sa standing niya sa honor roll. Pagka-graduate ay gumugol muna ng isang taon sa college, bago itinuon ang atensyon sa nalalapit niyang entrance examinations sa *PMA*. Iyon ang talagang objective niya. He had thought it would be best to keep to himself; to suffer his first heartbreak all by his lonesome.

Matagal niyang pinilit kalimutan ang kanyang unang pagkasawi sa pag-ibig. And all those years, he had never imagined the time would come that he would relive that traumatic moment all over again.

Wala sa isip na ipinilig niya ang ulo at minasahe ang nananakit na batok. “Forget it, Mike,” walang lakas niyang turan.

“Sa totoo lang... I never told you, Gabe, but I liked her since the day she transferred to our school in freshman year. From day one—”

“I said drop it!” mariin niyang sambit. He no longer wanted to listen.

Pero malinaw ang intensyon nitong makapagpaliwanag. “I loved her, Gabe. I took care of her. The rest of senior year, all through college,

until we got married. Hindi ko siya pinabayaan.”

“Iniwan mo siya,” sumbat niya. “On the day you left her, she lost everything. Don’t you see how broken she is, Mike?”

Hindi niya pansin ang namamasa na niyang mga mata. Gayon din ang hitsura ni Michael nang tingnan siya nito; tugma sa kalungkutan ng tinig nang muling magsalita. “Hindi ko siya iniwan. I’ve stayed with her from the day I died. And you have no idea how horrible it is to watch her wallow in memories day in and day out. Pero wala akong magawa kundi panoorin siya. I can’t touch her. I’m afraid to talk to her to let her know I’m here. I can’t do anything, Gabe. I’m *dead!* And that’s the reason why I brought you here.”

Lumaki ang mga mata niya sa sinabi ng kaibigan. Sarcastic ang tawang lumabas sa kanyang bibig. “Ako? Ano’ng magagawa ko?”

“You can help her move on,” simpleng sagot nito.

Even in the afterlife, nerd pa rin ang personality ni Michael.

“How?” His tone told the ghost that it was a ridiculous idea.



“Tulungan mo siyang kalimutan ako.”

Para siyang istupidong napanganga sa proposition nito. “Has dying also made you a *retard*, Chang? She’s your wife! Paano ka niya magagawang kalimutan?”

Simple pa rin ang sagot nito; malinaw na masusing pinagplanuhan. “You make her fall in love with you.”

Matalim ang tingin na ibinigay niya sa multo ng kaibigan. “Ginawa ko na iyan dati, it didn’t work.”

Umiling ito. “Mali! Noon, you made *me* make her fall in love with you. *That* didn’t work. This time, you have to do it yourself.”

Bumangon si Gabriel upang bumuwelo ng salita. “Siraulo ka pala! Asawa mo si Patrice. Ikaw lang ang naging lalaki sa buhay niya. You were her first everything. Now, you’re telling me to contend with that?”

“Yes.”

“Well, I can’t, okay! I just—”

“You were crazy about her, Gabe. And I know you still are—”

“Shut up, Michael!”

Sa sandaling iyon, ito naman ang gumanti ng matalim na tingin sa kanya. “Gabe... I know. Trust me.”

Ibinagsak niya ang sarili sa kama na para bang pagod na pagod na siya. The status quo had indeed changed sides. The bully was now the one being bullied, at alam niyang wala siyang magagawa ukol doon. Si Michael na ang may hawak ng lahat ng alas. Wala na siyang choice kundi sundin ito. Hindi dahil natatakot siyang hindi nito patahimikin ang buhay niya. His friend was made of a better material than that.

Ang bagay na talagang inaalala niya ay si Patrice. Hindi niya maubos isipin kung matatagalan niyang araw-araw itong nakikitang inaaksaya ang buhay sa mga alaala ng yumaong asawa. She was young, the future surely had so much in store for her. Only if she would learn to move on.

“It’s a win-win, Gabe. Patsy moves on, I move on, and you... you get the woman you have loved all your life.”

May punto ito. Patrice had been more than just a teenage crush. Minahal niya ito. At hindi nawala ang pagmamahal na iyon all this time. Deep in his heart, he wanted so much to help her overcome that

*Project: Archangel - Vivi Hernandez*

---

horrible phase in her life. And by that, he could help Mike's wandering spirit be at peace, as well.